# My Sup'r-Emo Lockdown Song (The Sad Stories of our Sorry State)

***Michael Ian T. Lomongo***
*University of the Philippines-Los Baños*
*mtlomongo@up.edu.ph*

*(Chord pattern:* ***E – E – C#m – C#m – A – A – E – E****… sa 4/4 time signature. Sa simula at pagitan ng mga berso at chorus, isisingit ito:* ***B – A – E – E hold****.)*

*I.* Lagi-lagi na lang bang malulumbay?
Lagi na lang sablay sa pag-ibig at buhay
Kaytagal nang naghihintay ng kaagapay
Sa paglakbay at pag-abot ng minimithing tagumpay.

*Chorus 1*

I don't wanna sing the sad stories of *my sorry state*
*The sorry state of my sad stories*
I would only weep and sleep for 'bout a week.
You don't wanna hear the sad stories of *my sorry state*
*The sorry state of my sad stories*
You would only shriek and think that I'm a creep!

*II.* Wala nang tagayan d'on sa kanto
Nakakulong na lang dito sa loob ng k'warto
Tanging pasyalan ay banyo
Ay bangsakit sa bangs at dibdib, pati na sa ulo!

*III.* Napapraning sa t'wing may bumabahing
Naku, kelangan daw social (o physical!) distancing
Ngunit bayang sadlak sa dusa ay dumaraing
Gising na tayo sa'ting pagkakahimbing!/
(Gisingin inutil na Punong himbing na himbing!)

*(Sa puntong ito bago ang Chorus 2, maaaring patugtugin ang audio recording ng samu't saring pahayag ni Digong, o bigkasin nang may pagsusumikap gayahin ang kanyang speech pattern: "At saka may mga tao na ano gusto ko injectionan uli ng COVID-19, dagdagan ko pa 'yang kagaw sa katawan… Iyong mga kalaban ko, sabihin ko sa military, 'Do not use the needle. Bayoneta ang gamitin mo…' Mga drug pusher, drug addict, I will not waste my… Iyon ang utos ko. Iyan ang gusto ko. Hindi maganda? Hindi talaga maganda. Iyong mga tao — hindi pala tao sila? Tingin ko sa mga drug pusher, drug lord? Aso. Tingin ko sa kanya aso. Hindi ako magtulong sa inyo… Sabi nila, 'Itong si Duterte, loko-loko.' Gago! Kung loko-loko ako, ikaw na sana ang nag-Presidente, hindi ako…")*

*Chorus 2*

I don't wanna sing the sad stories of *our sorry State*
*The sorry State* of our sad stories
You would only weep and sleep for 'bout a week.
You don't wanna hear the sad stories of *our sorry State*
*The sorry State* of our sad stories
You would only shriek and think that I'm a freak!

*IV.* Walanghiyang taksil at talipandas
Himod-tumbong sa dayuhang amo ay wagas
Habang walang habas ang pandarahas
Walang habag, walang paki sa dusang ating dinaranas!

*V.* Walang dinidiyos, walang sinasanto
Sa walang-wala, wala ring kapwa-tao
Ngunit walang bayang walang magagawa
At lahat tayo, walang magandang bukas kung walang magtataya!

*Chorus 3*

I don't wanna sing the sad stories of *our sorry State*
*The sorry State* of our sad stories
We would only weep and drink for 'bout a week.
We don't wanna hear the mad stories of *our sorry State*
*The sorry State* of our mad stories
We would only shriek and think that we're all creeps!

*VI.* Lagi na lang bang sablay at lupaypay
Sa pakikibaka natin para sa'ting bayan at buhay?
Halina tayong maglakbay (sabay-sabay! kapit-kamay? akbay-akbay?)
Ipaglaban ang buhay at tunay nating tagumpay!

*Chorus 4*

We don't wanna sing the sad stories of *our sorry State*
*The sorry State* of our sad stories
We would only weep and drink for 'bout a week.
We don't wanna hear the mad stories of *our sorry State*
*The sorry State* of our mad stories
We would only shriek and think that we're all freaks!

*(Ulit-ulitin ang Chorus 4 hanggang marindi't maturete si Digong Duterte at ang kanyang mga Shuwariwap. )*

*Si **Michael Ian T. Lomongo** ay nagtapos ng kursong A.B. Philosophy sa Adamson University, at M.A. Philosophy naman sa Ateneo de Manila University. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa UPLB, sa ilalim ng Dibisyon ng Pilosopiya, Departamento ng Humanidades, Kolehiyo ng Agham at Sining. Kabilang din siya sa mga kasalukuyang adviser at dating pangulo ng Neo-Angono Artists Collective.*